



MAGHANDA PARA SA MALALAKAS NA PAG-ULAD AT PAGBAHA



Manood ng mga balita sa lagay ng panahon para sa posibleng malakas na pag-ulan o pagdami ng buhos ng ulan sa loob ng ilang araw. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong makapaghandanda bago tumaas ang baha.

Pansariling Paghahanda

- Gamitin ang Take Winter By Storm Checklist para maghanda sa isang pang-emerhensiya kit (kagamitan), kasama ang radyo, flashlight, extra na mga baterya, isang first-aid kit (pangunahing lunas na gamit), impormasyon ng kontak sa emerhensiya, tubig at hindi napapanis na pagkain. Maaari mong mahanap ang detalyadong listahan sa TakeWinterByStorm.org.
- Magtabi ng kagamitang pang-ulan, hindi pinapasukan ng tubig na gamit at mas makakapal na damit sa bahay, trabaho at sa iyong sasakyan para magamit sa kaganapan ng emerhensiya.

Paagusan ng Tubig/Mga Pagguho ng lupa

- Kalaykayin ang mga dahon at bato o lupa palayo mula sa mga agusan ng tubig para panatilihin malinis ang mga ito upang maiwasan ang pagbabaha sa mga kalye at mapinsala ng personal na ari-arian.
- I-ulat ang mga bumabahang kanal at kalye sa lalong madaling panahon.
- I-tsek muli ang polisa (policy) ng iyong homeowners para makita kung ikaw ay sakop sa pinsala sanhi ng tubig bagyo sa iyong tahanan - kung hindi, idagdag ang coverage (sakop) na ito sa iyong insurance (kaseguruhan).
- Tingnan ang mga huwaran ng daluyan ng tubig bagyo sa mga matitirik na lugar malapit sa iyong bahay, at tandaan kung saan dumadaloy ang tubig.
- Ayusin ang antas ng ari-arian para ang tubig ay dadaloy mula sa pundasyon at mga bagsakan ng tubig at mula sa ari-arian patungo sa sistema ng paagusan kapag may bagyo.
- Tingnan ang mga bundukin sa palibot ng iyong tahanan para sa anumang hudyat ng paggalaw ng lupain, tulad ng maliit na pagguho ng lupa, mga pagbagsak ng maliliit na bato o patuloy na tumatagilid na mga puno. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na geotechnical o istruktural na inhinyero para matiyak ang kalubhaan ng problema.

Pagbabaha

- Itabi ang mahahalagang bagay sa mataas na kabinet kapag nagtatabi ng mga gamit sa mga basement o sa mga lugar na madaling mabaha.
- Lumayo mula sa mga nagbabahang basement. Maaari kang makuryente o malunod.
- Huwag kailanman magmaneho patungo sa naipong tubig o sa palibot ng mga karatula ng isinarang daan.
- Kung ang iyong sasakyan ay tumirik sa tubig, iwanan ito at magpunta sa mas mataas na lugar. Isa o dalawang talampakan lamang ang kailangan para madaloy palayo ng mabilis na dumadaloy na tubig ang isang kotse.
- Kung ikaw ay nakatira malapit sa mga ilog na may kasaysayan na bumaha, maghanda sa pagbabaha ng ilog. Maghanda ng madaling maabot na pang-emerhensiya kit (kagamitan) sa kaganapan ng ebakuwasyon.
- Maging ligtas. Kapag nagpalabas ng babala ng pagbabaha, magpunta kaagad sa mas mataas na lugar! Sundan ang mga utos sa ebakuwasyon at iba pang mga opisyal na utos habang may mga emergency sa pagbabaha, pero huwag hintayin ang mga ito kung sa palagay mo na ikaw ay nanganganib.
- Ang paglalakad o paglalaro sa tubig baha ay mapanganib; maaari kang mapatumba nito sa pamamagitan ng tubig na anim na pulgada lamang ang lalim!
- Ang mga may-ari ng bahay, mga umuupa at mga may negosyo ay dapat na bumili ng insurance (kaseguruhan) sa baha.
- Kung magsara ang iyong natural gas na furnace o pugon sanhi ng pagbabaha, isara ang kuryente patungo sa pugon hanggang bumaba ang tubig at natuyo ang mga duct (maliliit na tubo).
- Kung may naamoy kang natural na gas o naghihinala na may sumisingaw na gas, iwanan ang gusali ng iyong bahay kaagad at tawagan ang natural gas utility o 911.
- Ipaalam sa iyong serbisyong pampubliko para sa natural na gas kung ang pagbaha ay naging sanhi ng pagtatakip ng tubig sa metro ng gas. Kailangang tingnan ng kinatawan mula sa serbisyong pampubliko ang metro at regulator bago magamit ang anumang aparato na gamit ang gas.
- Kung kinakailangan mong umalis sa iyong bahay o gusali bilang resulta ng pagbabaha, isara lamang ang iyong gas at kuryente, kung magagawa mo ito sa ligtas na paraan. Maaari nitong maiwasan ang pinsala sa iyong mga appliance na gumagana sa gas at kuryente.
- Tawagan ang iyong serbisyong pampubliko para sa natural gas para magpa-iskedyul ng service-check (pag-tsek na serbisyo) sa iyong natural gas na mga aparato makalipas na matuyo ang mga ito at ang lugar sa palibot ng mga naapektuhang aparato ay nalinis na.

Kapag bumagsak ang matinding pag-ulan, tiyakin muna ang pansarili mong kaligtasan. Tapos ay tingnan ang pamilya, mga kaibigan, at mga kapit-bahay para tiyakin na sila ay nasa mabuting kalagayan.